Isang kuwento galing sa USA, noong 1940, sa pahina 48 ng "The Healing Light" ni Agnes Sanford

Isang batang lalaki ang nanganganib ang buhay sa ospital dahil sa malubhang karamdaman. Ang kanyang tiyahin ay nasa tabi niya. Isang gabi hiniling niya kay Agnes at isang grupo ng kaibigan na manalangin sila para sa kanyang pamangkin. Nagkasundo sila na manalangin sa pagsapit ng ika-9 ng gabi, at hiniling sa tiyahin na ipatong ang kamay niya sa kanyang pamangkin eksakto alas 9 ng gabi.....at ito nga ay naging daluyan ng buhay kagalingan ng Panginoon.

Ika-9:45 ng gabi ang binata ay nagsabi:
"Tita Lucy, anong nangyayari sa akin? Biglang gumanda ang aking pakiramdam. Wala nang masakit sa akin."

Minabuti ng ospital na siya ay manatili pa ng isang araw para siya ay masuri.....walang nakita sa pagsusuri.....at sa sumunod na araw, sa dahilang lubos na siyang gumaling, siya'y nagbihis at umuwi. Ang pangyayaring ito ay naitala sa ospital ng Baltimore. "Isang himala," ang sabi ng mga doktor.

Mahal na Hesus, dumudulog ako sa'Yo na turuan N'yo ako kung paano manalangin para sa mga taong may karamdaman.